# 1

"Ibalik mo ang laptop ko." Naramdaman ni Avalon ang matigas na kamay sa kanyang balikat at halos matumba siya sa lakas ng pagkakahawak nito. Pinihit siya nito paharap bigla. Naramdaman niyang nagreklamo ang manipis at marungis na suot niyang blusa. Tiyak, may punit iyon. Taas-noo niyang hinarap ang kung sinumang haragang nang-aakusa sa kanya.

"Kung bibitiwan mo ang balikat ko, isosoli ko sa iyo," sabi niya, kahit na hindi niya alam kung nasaan ang sinasabi nitong nawawalang kagamitan. Nakasisiguro siya, kinuha ng isa sa mga batang gusgusing kasambahay niya sa squatters' area.

Naramdaman niyang lumuwag ang pagkakahawak nito sa kanyang balikat nang walang kakurap-kurap na sinalubong niya ang mga mata nito. Alam niya, nagulat ito dahil babaeng-babae ang mukha niya. Pero kalbo siya.

"Ipagpaumanhin ninyo, may kumuha ng bag ko. Kung sana matulungan mo ako," mahinahong sabi ng lalaki.

Umiba ang timbre ng tinig nito, naging mapagkumbaba, at tunog ng isang batang nahuling nangupit ng biscuit sa garapon. Alam niyang tinitingnan siya nito mula ulo hanggang paa. Marahil ay nakikisimpatya sa lumang t-shirt niya na nahila nito at napunit. Nakikisimpatya sa pantalon niyang maong na punit sa tuhod. Nakikisimpatya sa pagiging kalbo niya. Marahil hinuhulaan nito na siya ay nagpapa-chemotherapy kaya. O pinamahayan ng sangkatutak na kuto sa ulo kaya inahit na lang lahat ang buhok niya. Hindi niya inalis ang pagkakatitig dito.

"Sa abot ng aking makakaya," aniya at tumango-tango.

"Salamat ho," tugon nito at yumuko.

"Ano ba ang nangyari at nawala mo ito?" Pinag-aralan niya ang estranghero. Nakasuot ito ng *Lacoste* shirt at khaki pants na tinernuhan ng mamahaling leather shoes.

"Nagpunta ako sa café," lahad ng lalaki, sabay turo sa establishment na tinutukoy. "Iniwan ko saglit sa mesa para umorder sa counter. Nang bumalik ako ay nakita kong aktong itinakbo ito ng isang gusgusing bata at dito ang direksyon ng takbo niya."

Iginala ni Avalon ang paningin. Oo, wala ang mga anak ng landlady niya. Tiyak na may ginawa na namang kabalbalan ang mga ito. Ikatlong ulit na ito ngayong linggo. Bumuntong-hininga siya. Kailan kaya matututo ang mga ito?

Nami-miss na niya ang malambot niyang kama. Ang hot chocolate with whipped cream na inumin niya sa umaga. Ang *Perrier* mineral water niya. At higit sa lahat, ang magpinta. Pero ginusto niya ito—ang mamuhay na parang isang Buddhist monk na may vow of poverty. Pansamantala. Hanggang maka-recover siya sa pagkamatay ng mga kaliga at kaibigan niyang artists pati ilang Buddhist monks at nuns. Nang huling mission ng grupo, nag-crash ang sinasakyang helicopter ng mga ito sa kabundukan ng Tibet. Ang pinakamasakit, kasama roon si Giovanni.

"Ano ba ang hitsura ng bata, Mister?"

"Payat, sunog ang balat, gulo-gulo ang buhok. And she left this." Ipinakita nito ang nadampot na lumang dilaw na tsinelas na may butas sa suela.

Tumangu-tango si Avalon. Si Maritess iyon. Magaling sa ganoong bagay ang batang sasampung taong gulang pa lamang. Unfortunately, tatlong taong gulang pa lang ito ay ganito na ang ipinagagaya ng ama at ina nito. Trained to be a thief at age three…

unbelievable. Napanganga siya nang malaman ito sa mismong inang nagkuwento. May pagmamalaking ikinuwento ni Dolores sa kanya na isang bihasang snatcher at magnanakaw ang ama ni Maritess at sa murang gulang ng bata, ito ay ipinamulat sa ganoong gawain. Pagmamalaki at may halong lungkot. Namatay ang ama ng bata nang binugbog ito ng kabilang gang.

*Okay, Cinderella…* Tahimik siyang natawa nang kinuha ang kapares na dilaw na tsinelas mula sa lalaki.

"Alam ko kung sino ang batang iyon."

Lumiwanag ang mukha nito.

"On one condi—" Kinagat niya ang labi, "Teka. Bago natin puntahan, may ipapakiusap lang ako sa iyo."

"Sige ho, sabihin po ninyo." Halata niyang nawawalan na ito ng pasensya. Parang kabayong in heat na gustong kumawala sa koral.

*At huwag mo akong hinoho, okay?* tutol ng isip ni Avalon. Pero ano ang magagawa niya? Siya mismo ang nagputol at nag-ahit ng kanyang sariling buhok tulad ng ginagawa ng mga Buddhist monks. Hindi na siya dapat magtaka kung pinopo siya nitong tila

diyos na galing sa bundok ng *Olympus*. *The god from* Olympus*, huh*. Sinaway niya ang utak sa pag-iisip ng kung anu-ano. She has no time for such… frivolities.

"Ito ang kondisyon: kapag nahanap natin siya, huwag na huwag mo siyang sasaktan," pahayag ni Avalon at tinitigan ang mga mata nito. Gusto niyang matunaw nang salubungin ng mga mata nito ang titig niya. Hindi niya kaya ang ginagawang mind control ng mga kaklase niyang monghe o kahit ng artists na katulad niyang nag-a-attend ng meditation. Kung nakikita lamang siya ng mga kasama niya sa Buddhist center… marahil ay nagsisipagtawanan ang mga ito, lalung-lalo na si Giovanni. Nasaan kaya sila naroroon ngayon? Naging mamasa-masa ang mga mata niya.

"Makakaasa kayo."

"Ipangako mo iyon, Manong," sabi niya.

*Naku! Huwag na huwag kang magsasalita nang marahas kay Maritess, kung di'y makikita mo. Sasabog iyang pang-Hollywood mong mukha.*

Kahit di niya lingunin ang lalaki ay alam niyang nakasunod ito sa kanya. Alam niya, dahil naaamoy niya ang men's cologne nito.

"Pasensya ka na sa bahay namin," ani Avalon

nang pumasok sila sa makitid na eskinita. Nasanay na siya sa magkabilang pader na palaging mamasa-masa at may lumot na animo ay balahibo ng kung anong luntiang halimaw.

"I'm, uh… I'm okay," sabi nito.

Nilingon niya ito. Ngumiti siya nang makita niya ang mga balikat nitong tensyonado. Alam niyang diring-diri ito sa dinaraanan nila. At marahil, kapag nakauwi ito ng bahay, er, mansion, itatapon na nito ang medyas nito at ang Italian leather shoes na nakatuntong ng squatters' area. Maghahanda ito ng footbath at magpapahid ng isang baldeng alcohol. Baka kasi dapuan ito ng sakit. Leptospirosis kaya. *Ang mayayaman nga naman…* Pero siya, napunta siya rito, pero hindi niya ito pinagdaanan. Iba ang dahilan niya kaya siya napadpad dito.

Pumasok siya sa isang barong-barong na nakapako ang poste at dingding sa isa pang barong-barong. Kapag gumuho ang kaliwa't kanan ng tinitirhan niya, tiyak na madadamay ang munting condominium unit niya na yari sa marungis na plywood at kinakalawang na yero.

Nakita niyang yumuko ang lalaki nang ito ay pumasok kasunod niya. Pasensya na ang matatangkad.

Makapangyarihan ang presence nito sa maliit na silid. Natahimik ang tatlong batang kani-kanina ay nagtatalo kung paano bubuksan ang laptop na nakalabas na sa bag at nakapatong na sa mesa.

Nakita ni Avalon ang pamumutla ni Maritess, nanatiling nakaawang ang bibig ni Lino na kitang-kita ang bungi sa harapan at parang pusang sumuot sa ilalim ng mababang mesa si Dominga, ang tatlong taong gulang na bunsong kapatid ng mga ito. Para sa mga ito, may isang higanteng pumasok sa bahay nila. Huling-huli nito ang ginawa nilang pagnanakaw.

"Magandang umaga sa inyo." Bahagyang napatalon si Maritess. "Sino sa inyo si Maritess?" sabi ng lalaki sa mahinahong tinig.

Katahimikan ang sumunod. Hinintay ni Avalon na magsalita ang bata.

Nakita niyang maluha-luha ito. Sumiksik ang bata sa kanto nang maupo sa sahig ang lalaki. Marahil ay naaalala pa ng bata ang ginagawang pambubugbog ng ama rito.  Kontrabida, bandida, at black ninja raw ang tingin kay Maritess ng ama tuwing umuuwi ito na lasing, sabi ni Aling Dolores sa kanya.

"G-gusto ko lang pong malaman kung maaari po talagang manood dito ng sine."

"Ganoon ba?" sabi ng lalaki, pagkatapos ay binuksan ang laptop. Mayamaya ay minaniobra nito ang keyboard at cursor hanggang sa may lumabas na pelikula.

Umupo sa tabi ng lalaki si Lino na parang walang nangyari kanina lamang. Lumabas mula sa ilalim ng mesa si Dominga at umupo sa kandungan ni Avalon, at dahan-dahang lumapit si Maritess.

"Oo, puwedeng manood ng sine rito," anang estranghero sa mga bata.

"Puwede po ba kaming manood?" walang kiyemeng pakiusap ni Lino.

Tumingin ang lalaki sa wristwatch nito at nagsabi, "Isang araw ay makakanood kayo, pero may mga appointments ako ngayon at kailangan ko ito," malumanay na saad nito at sinulyapan ang laptop.

"Pangako?" saad ng isa sa mga bata. Hindi niya matandaan kung sino dahil nakatitig siya sa lalaki.

"Oo," walang kakurap-kurap na tugon ng lalaki, saka tiniklop ang laptop. "Pero ipapangako ko ito

kung ipapangako rin ninyo na hihinto na kayo sa pagnanakaw." Tiningnan siya nito at nagpalipat-lipat sa mga bata ang mga mata. "Maliwanag?"

"Opo," sabay na turan ng dalawa.

Nang makalabas ng barong-barong, nang akala nito ay hindi na sila naririnig ng mga bata ay saka nito kinompronta si Avalon.

"Ikaw ang nakatatanda rito, ikaw ang dapat na gumagabay sa kanila." Tiningnan siya nito. "Sa ngayon, hindi kita ipapapulis, pero kapag inulit mo ang modus operandi mo—"

"Hindi magnanakaw ang mga batang ito!" Uminit ang tainga ni Avalon sa galit. Ganito pala ang maging hampas-lupa. Palaging napagbibintangan. Palaging pinagmamataasan.

"Ikaw ang tinutukoy ko," prangkang sabi ng lalaki na patuloy sa pagtitig sa kanya.

"How dare you! I beg on the streets, but I'm not a—" Kinagat niya ang kanyang labi. Walang nakatira sa komunidad nila na ganoon ang lengguwahe. Galit siya, at dahil kinasanayan na iyon sa totoong buhay, dumulas ang mga salitang Ingles mula sa kanyang mga labi na parang mga isdang kumawala sa lambat na may tastas. Nahuhuli nga naman ang

isda sa bibig.

"Who the hell are you?" Lumapit ito sa kanya at matagal siyang sinipat. "Hindi bagay ang lumabas sa bibig mo diyan sa pagkukunwari mo."

"It's none of your business. Get out," utos niya at para mas maunawaan nito, dinagdagan pa niya ang sasabihin, "Wala ka nang pakialam doon. Umalis ka na." Kailan kaya siya matututong magsalita ng purong salitang kalye? Gusto niyang paringgan ito noon.

Imbis na umalis ay tiningnan siya nito na waring naaliw sa natuklasan nito.

Mas lumapit pa ito sa kanya kaya umatras siya.

"Teka…" sabi nitong naniningkit ang mga mata. "Kilala kita. Namumukhaan kita."

Pinigil ni Avalon ang kanyang hininga nang sabihin nito iyon. Pero imposible. Mismong Kuya Edward niya ay hindi siya nakilala nang inahit niya ng kanyang buhok at nagsuot siya ng mga basahang susukuan ng sabong panlaba. This man was simply intimidating her. Hindi talaga siya nito kilala. Kunwari ay wala siyang pakialam kung pamilyar siya rito o hindi.

"Ano ngayon kung kilala mo ako?" May bahid nang pagtataray ang tinig niya. Wala ito sa mga itinuro sa Buddhism. Geez. *Dakilang Lolo, I'll make it up to you later*, sabi niya sa imahe ng Buddha na nasa isip niya.

"Magpapaalam na ako..." Dikit–palad itong yumuko sa kanya, katulad ng ginagawa ang mga Buddhist monks. "Hanggang sa muli nating pagkikita."

Sa hula niya ay nanunuya ito. *Oh, yeah? I betcha, hindi mo na maalala ang mga batang ito pagkauwi mo sa malaking bahay ninyo…*

Sinimangutan niya ang hambog na lalaki nang ito ay nakatalikod at palabas na ng eskinita. Bahagya itong nadulas sa lumot at tahimik siyang tumawa-tawa bago tumalikod at bumalik sa tinitirhang barong-barong.

Naroon ang tatlong bata at lahat ay nakatingin sa kanya nang pumasok siya. Tatlong pares ng mga matang gutom. Awtomatiko niyang tiningnan ng pupulsuhan. Hindi nga pala niya suot ang kanyang *Tag Heuer* wristwatch. Tantya niya ay tanghali na dahil siya man ay nagugutom na.

Habang tumatagal ay naaawa siya sa tatlo

paslit dahil napasabak na sa sukdulang karukhaan sa murang gulang pa lamang. Wala ni isa man sa mga batang ito ang pumili sa ganitong uri ng buhay.

Dalawang araw nang hindi umuuwi ang ina ng mga ito buhat nang magpaalam na may pupuntahang kamag-anak na nangangailangan daw ng pambili ng gamot.

ALAM NIYANG NAKAIPON si Dolores ng pera galing sa upa na ibinabayad niya. Can you imagine? Sinulat niya minsan sa kanyang diary, *Dolores is a widow with three kids who's letting me rent the only room in her three by four hovel. She earns two thousand pesos a month from this.*

Sinikap niyang makaipon ng dalawang libo kada buwan galing sa panlilimos upang bayaran ang upa niya buwan-buwan, imbis na kunin ito sa sarili niyang ATM account.

Hindi makapaniwala si Avalon na marunong siyang mamalimos. Nang unang araw niyang salta sa kalsada, akala niya ay magugutom siya nang husto. Hindi naman pala. Marami palang mababait na tao sa mundo.

*"This is utterly ridiculous!"* sabi niya noong una,

nang marinig ang ‘reseta’ sa kanya ng kanyang psychotherapist na kasama niya rin sa meditation group. Mamuhay raw siya bilang pulubi, walang cellphone, at walang ATM o credit card. Walang dayaan. At makaka-recover daw siya sa kanyang matinding pagluluksa. Logotherapy raw ang tawag sa technique na iyon. Effective daw iyon sa mga taong naghahanap ng kahulugan sa buhay. Sinunod naman niya ang baliw na payo ng psychotherapist niya.

Iniwan niya sa kapatid ang kanyang negosyo at art gallery at pinatira naman ang mga magulang sa kanyang mansion.

*“At iyong clinic na order nang order ng mga paintings, pakisabing nasa bakasyon ako,” paliwanag niya sa mga magulang at mga kuya na nakaawang ang mga bibig.*

*“Teka, teka. Ave, gusto ka nga pala ma-meet noong may-ari ng hospital na bumibili—“ pahabol ng kanyang kuya. Iwinagayway niya ang kamay sa ere para tumahimik ito.*

*“Pansamantala lang,” sabi niya sa mga ito. “Isipin ninyong therapy ko ito.”*

Buo na ang kanyang pasya. Kung makinig pa

siya sa mga ito, tiyak na kakausapin siya ng mga ito hanggang sa siya ay makumbinsi.

"HALINA KAYO. Dalhin ninyo ang mga bao ninyo," sabi niya sa mga bata. Tanghaling tapat na; oras na para manghingi ng pagkain sa mga taong nakakasalubong nila.

Napatingin siya kay Dominga nang marinig ang impit na pagtawag nito. Nakabukas ang mga braso nito, tanda na nais magpakarga. Hinintay niya itong lumapit sa kanya saka binuhat. Karga-karga niya ang bata nang lumabas sila ng barong-barong.

"Siguro magiging mabait kang nanay," biglang sabi sa kanya ni Maritess nang nasa kalye na sila. "Sana makahanap ka ng asawang magmamahal sa iyo. Wala ka pa bang boypren?"

Hindi masagot ni Avalon ang tanong ng bata. Nagkaroon ng bara ang kanyang lalamunan. Isa lang ang nasa isip niya: si Giovanni, isang artist na katulad niya. Kasama ito sa mga nasawi sa helicopter crash sa Tibet. At upang maibsan ang sakit na dulot ng pagkawala nito, ginawa niyang makipamuhay sa mahirap na mag-iina. Gusto lang naman niyang tingnan kung masasapawan ang kanyang lungkot

kung magutom siya, maarawan, at yurakan ng ibang tao.

“W-wala. Wala akong boyfriend,” tugon ni Avalon. “Ba’t mo naman nasabi na magiging mabait akong nanay?” usisa niya. Inilabas niya ang kanyang baong ginagamit sa paghingi ng pagkain at nagsimulang mamalimos sa tapat ng bakery.

“Kasi lagi mo kaming pinapakain. Kahit sa papaanong paraan,” anito.

“Kasi kinakalong mo parati si Dominga at hindi ka umaangal. Di tulad ni Nanay,” dugtong ni Lino.

“Kasi pakiramdam ko, gusto mong maging mabuti kami kahit hindi mo kami kaano-ano,” sabi ulit ni Maritess.

“Sana ikaw na lang ang nanay namin,” saad ng lalaking paslit at niyakap siya nito.

Tahimik niyang niyakap ang bata gamit ng malayang braso niya. Si Dominga naman na karga niya ay ginaya ang nakatatandang kapatid at yumakap sa leeg niya.

“Ikaw, ha. Magtatampo ang nanay mo, sige ka,” aniya.

“Nanay din namin siya, pero napapagod na yata

siya sa amin," ani Lino. "Sana maging malakas ka para di ka mapagod."

"Alam ninyo, kapag nagmamahal ang isang tao, hindi siya napapapagod." Itinago niya ang luha niyang nangilid. Naisip na naman niya ang kanyang mga kaibigang Buddhists. Si Giovanni. Nagsisimula pa lamang sila kaya masyado niyang dinamdam iyon.

"Salamat po," sabay-sabay na sabi nila ng mga bata nang may isang ale na nag-abot ng tig-iisang pan de coco sa kanilang mga bao.

Nang sa tingin niya ay mayroon na silang sapat na pagkain para sa pananghalian, nag-aya na siyang umuwi. Sumunod naman ang mga  bata.

"O, maghugas muna ng kamay," mahinahong utos niya sa mga ito. Kahit papaano ay gusto niyang may matutunan ding magagandang asal mula sa kanya ang tatlo.

Nang gabing iyon ay naalimpungatan si Avalon dahil sa sunud-sunod na katok sa plywood na pinto ng barong-barong. Tiningnan niya ang oras; madaling-araw lang. Madilim pa, ni hindi pa nga oras ng kanyang paggising upang siya ay magsagawa ng kanyang meditation.

Tumambad sa kanya ang mukha ni Aling Vacion,

ang kapitbahay nilang naglalako ng nilagang mais, mani, balut, itlog ng pugo at penoy.

"Hoy, Avalon, ikaw na ang magsabi sa mga bata."

Tiningnan niya ang tila gulat at maputlang mukha ng babae. Batid niya, may masamang balita ito dahil pabulong kung magsalita. Hindi niya kaagad naunawaan ang sinasabi nito, tiningnan niya lang ang mga ngipin nitong baku-bako.

"Ho?"

"Avalon..." Tinangnan nito ang braso niya. "Si Dolores... patay na. Nakuha ang bangkay doon sa may pintuan ng simbahan."

Napapikit siya. Parang bumuhos yata ang mabibigat na ulap sa ulo at balikat niya. Umasim ang kanyang tiyan. Pinagdikit niya ang kanyang mga kamay, kinalas ulit ang mga ito, at pinagdikit muli. Hindi niya alam kung ano ang gagawin.

TAHIMIK ANG LIBING ni Dolores. Sila lamang ng mga bata ang nandodoon, kasama ang ilang kapitbahay. Nakatanggap sila ng abuloy sa baranggay, pero hindi sapat iyon. Si Avalon din ang palihim na

gumastos sa libing ng ina ng mga bata.

Niyakap niya nang mahigpit ang magkakapatid habang nakatingin sa puntod. Hindi niya talaga alam ang gagawin. Um-order siya ng goto at tinapay. Nagluluksa ang mga bata at kailangan nila ng konsolasyon. Napailing siya. Hindi niya akalaing sa murang gulang ng mga ito, dalawang importanteng tao kaagad ang nawala sa kanilang buhay: ang kanilang ama at ina.

Hinawakan niya ang sulat na iniwan ni Dolores. Nahanap nila ito sa bulsa ng damit ng yumao. Malamang ay sulat ito na hindi kaagad umabot sa kanya, malamang sulat na mangungutang ito.

"Ngayong wala na ang inay ninyo, gusto ko lang malaman kung ano ang nararamdaman ninyo," sabi niya pagkatapos nilang maghapunan.

"Malungkot," simpleng tugon ni Maritess. Ginusot-gusot nito ang bulaklaking damit na tastas ang laylayan. Kitang-kita sa narumihang puting manggas at kuwelyo nito ang mga luhang pinahid kanina.

"Ako rin po, malungkot," segunda ni Lino.

Tiningnan niya si Dominga na inaantok-antok na. Inihiga niya ito sa banig at humarap ulit sa

dalawa.

“Kawawa naman po si Nanay,” saad ng batang lalaki. “Mabuti pa nga po at makapagpapahinga na siya.”

“Avalon, saan po ba pupunta si Nanay?” tanong ni Maritess.

Dinala niya ang dalawang bata sa makalawang na galbanisadong bubong ng barong-barong. Naupo sila sa gulong na nandodoon.

“Nakikita ba ninyo ang mga bituing iyan?”

Tumango ang dalawa. Nahahabag siya sa mga ito. Parang ang liliit at ang papayat nila lalo na’t nakasuot ng mga lumang t-shirts na sobrang laki.

“Nandiyan nakatira ang inyong nanay. Masaya na siya, kasama ang inyong tatay. Hindi na sila magugutom, hindi na rin malulungkot.”

Nang tiningnan siya ng dalawang inosenteng pares ng mata, alam niyang naniwala ang mga ito sa kanya.

“Pagkatapos ng lahat ng paghihirap dito sa lupa, pumupunta sa banda doon ang mga namamatay kung saan sila naninirahan nang mapayapa.”

# 2

Kinaumagahang tulog pa ang mga bata, naistorbo ng marahang mga katok sa pinto ang meditation ni Avalon. Kalmado niyang tinungo ang pinto upang salubungin ang maagang balita.

"Magandang umaga," sabi ng lalaking nakatayo at nakangiti.

"Oh, no…" Isinara niya ang pinto at sumandal doon. Mabilis niyang nilinis ng kanyang mga daliri ang kanyang mga mata. Naghilamos naman siya at nagsipilyo bago nag-meditate, pero… hindi pa niya tinitingnan sa salamin ang mukha. Paano kung may muta pa pala siya?

Pagkatapos mag-ayos ay mahinahong binuksan niyang muli ang pinto upang tingnan kung naroon pa ang panauhin. Ito ang mayamang estrangherong nang-akusa sa kanya na magnanakaw siya. Pagsubok ito sa kanya, alam niya, pero hindi niya maiwasang uminit ang mukha nang makita itong muli.

Noon din ay alam na ng dalaga na may karma siya sa lalaking ito, at nais niyang putulin ito kaagad. Better yet, ignore what she feels. Hindi pa

siya nakabawi sa kanyang pagluluksa. Isa pa, gusto niyang alagaan ang alaala ng maikling panahong nakilala niya si Giovanni.

At nitong huling mga araw, mas nakikinikinita niya ang sarili na namumuhay nang mag-isa upang magkaroon ng maraming oras sa meditation at pagpipinta. Yes, she can devote all her life to meditation and art. Wala nang mas hihigit pa roon. Ang lalaking ito ay isa lamang sa maraming pagsubok na darating sa kanya.

HINAYAAN NIYANG DALHIN sila ng lalaki sa tabi ng dagat para mamasyal. Kung kailangang makalanghap ng sariwang hangin ang mga bata ay gagawin niya. Siguro naman ay tama ang desisyon niyang iyon dahil masayang tumulay-tulay ang mga paslit sa dike.

Natuwa siya nang makitang kumakandirit ang mga ito sa ilalim ng mga puno ng niyog, kumikilos na parang malulusog na bata. Masaya niyang pinagmasdan iyon, hindi niya namalayan ang paglapit ng lalaki sa tabi niya.

“Ulilang-lubos na raw ang mga bata.”

“Oo. Nagluluksa pa sila. Kamakailan lang

pumanaw ang kanilang ina. Nakakaawa nga." Tiningnan ni Avalon ang tatlong nagpapalayuan ng hagis ng bato sa dagat.

Tumango-tango ang lalaki at waring tahimik na nag-isip. Umihip ang hangin mula sa dagat patungo sa kanila at nalanghap niya ang pabango nitong hindi niya maiwasang hindi samyuin. It seemed to be enticing her.

"So tell me who you are," biglang sabi nito.

*Let's skip that…* aniya sa isip. Napakadirekta nitong magsalita at waring pinupuwersa siya na ibahagi rito ang kanyang pagkakakilanlan.

"Alam mo sa panahong ito, hindi importante ang malaman mo iyan," pahayag niya sa mahinahong tinig. "Hindi mo naman mapapakinabangan ang impormasyon kung saka-sakali. Para ano pa't dapat mong malaman? At FYI, wala akong balak makipagrelasyon sa kanino mang lalaki. Balak kong maging Buddhist nun isang araw, if that's not obvious."

Tiningnan siya ng lalaki. Sinalubong niya ang tingin nito. Was he trying to intimidate her? Dahil kung ganoon, gusto niyang sumagupa sa hamon nito. Kung peaceful ang mga kasama niyang mga

Buddhists, puwes, iba siya.

Hinarap niya ito at tiningnan habang nakataas ang kanyang kilay at nakapamaywang. Kung alam lang ng isang Buddhist master ang kanyang pinaggagagawa…

“On the other hand, what’s wrong with knowing who you are?”

“Nothing. Nothing’s wrong with that,” tugon ni Avalon. “Pero hindi rin ibig sabihin ay may karapatan ka nang mang-imbestiga ng buhay ng may buhay.”

“Then you’d better lock your identity in a safe because I don’t give up that easily.”

“My pleasure,” kalmado subalit nanghahamon niyang pahayag. *Let the games begin*…

INIHATID SILA NITO PAUWI at pinabaunan pa ng tatlong order ng pansit na hindi lang nakabalot sa simpleng plastic, kundi sa foil at nakalagay sa maayos na takeout box. Kapag inulit nito iyon ay tatanggihan na niya. Ngayon lang niya ito pagbibigyan dahil nagluluksa ang mga bata at ang bagay na ito ay hindi niya maaaring ipagkait sa mga ito.

"Salamat sa ginawa mo, I appreciate it," simula ni Avalon nang sila ay nasa labas ng barong-barong at ang mga bata ay nasa loob at abala sa mga coloring books na binili ng lalaki para sa kanila. "Pero ayokong masanay ang mga bata sa pansamantalang kabaitan mo dahil isang araw ay makakalimutan mo rin sila. Then what?"

Hindi ito kumibo. Tiningnan siya nito na waring binabasa ang kanyang mga mata. Bahagya siyang nagsisi sa kanyang pagiging agresibo dahil ni hindi man lang nito dinipensahan ang sarili laban sa kanyang akusasyon.

Mas totoong Zen ang ugali nito kaysa sa kanya. Nahiya siya sa sarili. Namalayan ni Avalon na nakatingin pa siya sa lalaki kaya yumuko siya at tumingin sa lupa.

"Aalis na ako," paalam nito, "at tawagan mo lang ako kung may kailangan ang mga bata." Inabutan siya nito ng isang business card.

*Tinanggihan niya iyon. Tubuan muna ako ng pakpak bago kita tawagan, your royal a*sness*, aniya sa isip.

"Why are you so stubborn?" tanong nito na nakakunot ang noo.

“Hindi namin kailangan ‘yan. May nakikita ka bang telepono dito?” pang-iinis niya.

“Paano kung isang araw ay mangailangan kayo ng tulong?”

“Tatawirin namin ang tulay pag nandoon na kami.”

Umiling-iling ang lalaking nakakunot pa rin ang noo bago pumihit paalis.

“Paalam. Mag-ingat ka. Madulas ang eskinita,” saad niya bago tumalikod.

Pumasok siya ng bahay at naabutan si Maritess na pinapagsipilyo ang dalawang kapatid. Napangiti siya nang makita ang ginagawa nito. Naisip niya, kapag tapos na ang pagluluksa niya, kapag tapos na ang reprogramming niya sa sarili, gusto niyang kunin ang tatlong bata kung walang mga kamag-anak na gustong kumupkop sa mga ito. Gusto niyang maayos kaagad ang sira-sirang mga ngipin ng batang babae, at maagapan ang ngipin ng mga kapatid nito.

Hinayaan niya ang mga ito at pumasok siya sa kanyang silid, umupo sa kahoy na upuan at nangalumbaba sa mesa. Naalala niya ang sulat na iniwan sa kanya ni Aling Dolores, kinuha ito sa bulsa ng kanyang pantalon, binuksan at tiningnan

ang kabuuan.

Nakasulat ang liham sa Tagalog. Ang ibang salita ay mali-mali ang pagkakabaybay at magkahalo-halo ang malalaki at maliliit na titik sa isang salita. Tumango-tango siya nang makita ang direksyon ng mga titik sa bahagyang punit na papel; pababa ang mga ito. Totoo ang kanyang hinala. Hindi siya Psychology major pero madaling maunawaan ang ganitong mga senyales.

Sinakop ng matinding depression at kawalang pag-asa ang kawawang babae. Kapag daw matatalo na sa pakikipagtunggali sa buhay ang isang tao ay pababa ang daloy ng kanyang mga sinulat na salita. Ito ang madalas na sabi ng isang iginagalang niyang guro sa fine arts at calligraphy. Isang halimbawa? Ang sulat-kamay ni Napoleon Bonaparte bago ito natalo sa Waterloo.

Dumapo ang mga mata niya sa sulat ni Dolores:

*Avalon,*

*Hindi ko alam kung sino ka at saan ka nanggaling at kung bakit mo inahit ang buhok mo, maganda ka pa naman. Alam mo, ikaw na ang sagot sa aking panalangin.*

*Araw-araw, bago mamalimos ay nakikiusap ako kay Santa Maria na bigyan ng mabait na nanay ang tatlo kong anak dahil alam kong hindi na ako tatagal dito sa mundo.*

Dahil sa nabasa ay napatayo si Avalon at sumandal sa dingding ng bahay.

*Marami akong nararamdamang sakit-sakit sa katawan pero higit pa doon, napakalalim ng kalungkutang nararamdaman ko. Ang tanging nakapagpapasaya lang sa akin ay iyong kunin na ako ng Diyos at nang masamahan ko ang pinakamamahal kong asawang nauna nang lumisan.*

*Ang pakiusap ko lang, huwag mo silang pabayaan. Mabuti kung makahanap ka ng kakilalang mag-aalaga sa kanila. Marami ka sigurong kakilalang mayayaman. Baka gusto nilang mag-ampon. Pero kung puwede sana, Avalon, ikaw na ang mag-alaga kina Maritess, Lino, at Dominga. Mababait naman sila. May topak si Maritess, pero nagsasabi*

*naman ng sorry pagkatapos. Inaamin namang nagkamali siya. Si Lino naman, isang sabi mo lang ay susunod na. Iyang si Dominga, kailangan niya ng mapagmahal na taga-alaga. Hindi ko yata naibigay ang pagmamahal na iyon kaya't ikaw na lang ang magbigay.*

*Alam ko, hindi mo ako bibiguin. Alam kong isa kang pinagpalang tao kasi nabuklat ko ang nootbok mo sa kuwarto nang ako ay naglilinis at Ingles ang nakasulat doon. Hindi ko nga lang nabasa masyado at parang kinahig ng lasing na manok ang sulat-kamay mo.*

*Basta alam ko, kung ikaw ang kasama nila, nasa mabuting kamay ang  mga anak ko. Patubuin mo na ang buhok mo, ha?At nang may magkagusto sa iyo at magkaroon ng bagong tatay ang tatlong bata.*

*~ Dolores*

Parang nauupos na kandilang napaupo sa sahig ang dalaga. Ano ang gagawin niya? Bigla ay nagkaroon siya ng mga aarugain. At wala siyang

kaalam-alam sa pag-aalaga ng mga ito. Matagal siyang nakatingin sa kawalan at nakaawang pa ang kanyang bibig.

"Avalon, nasugatan po si—" Nahawi ang nakatabing na kurtina ng kanyang kuwarto at sumungaw ang ulo ni Lino. Lumapit ito sa kanya at siya ay pinagmasdan. Marahan itong bumulong, "Nasugatan po si Dominga."

"Papasukin mo," sabi niya nang mahimasmasan. "Sige na at gamutin natin."

Inihanda niya ang agua oxigenada at bulak. Ito lang ang mayroon siya sa emergency bag na dinala niya. Hinintay niyang marinig ang iyak ni Dominga, pero hindi nangyari iyon.

Tahimik na pumasok si Maritess, karga ang kapatid na nakataas ang isang hintuturo. Naupo ang mga ito sa maliit niyang papag at si Lino ay naupo sa kabila.

"Nahiwa po siya ng kutsilyo sa kusina," sabi ni Maritess.

Tiningnan niya ang hintuturo ng bata. Isang mababaw na hiwa ito at bahagyang dumudugo. Tahimik na inilapit sa kanya ni Dominga ang daliri nitong nasugatan. Tiningnan siya ng inosente at

mabibilog na mata nito.

“Alisin natin ang dugo,” sabi niya at tinakpan ng bulak ang sugat at diniinan upang maampat ang pagdurugo at pagkatapos ay binendahan.

“Halikayong lahat dito.” Niyakap niya ang mga bata. Sumandal sa kanya si Lino at si Maritess naman ay inilagay ang ulo sa dibdib niya. Hindi nagpahuli si Dominga. Nagpakalong ito sa kanya at niyakap siya ng maiikling braso.

“Gusto ba ninyo akong kasama? Mamahalin ba ninyo ako kung saka-sakali?” tanong niya.

“Opo,” sagot nina Maritess at Lino.

“’Po,” sabi ni Dominga na nakigaya lang sa dalawa.

“Paano kung pagalitan ko kayo paminsan-minsan? Maglalayas ba kayo?”

“Ikaw na nga lang po ang nagmamahal sa amin. Saan pa kami pupunta kung maglayas kami? Kahit po pagalitan ninyo kami, mahal ka pa rin namin,” ani Maritess.

“Opo. Totoo po iyon,” segunda ni Lino.

Bumukal na naman ang luha sa kanyang

mga mata. Napakabait ng mga batang ito, napakamaunawain. Gusto niyang putulin ang kanyang ginagawang reprogramming sa sarili, umuwi at alagaan itong mga bata sa mansion niya. Pero nag-aalala siya dahil baka biglang manibago ang magkakapatid sa bagong tirahan. Dati, nang nagturo siya ng art therapy class sa isang bahay-ampunan, may ikinuwento sa kanya ang madre na namamahala roon.

Ang isang batang tinuturuan niya, si Willi, ay natutulog pa rin daw sa ilalim ng mesa kahit na may sarili itong kama. Magdadalawang buwan lang ito sa bahay-ampunan. Dati itong natutulog sa bangketa at sanay matulog sa ilalim ng mesa sa palengke o kaya ay sa ilalim ng truck na nagdadala ng gulay. Sanay ito sa ganoong sitwasyon sa buhay.

Mayroon naman daw mga batang pagtuntong ng ampunan ay sinasabotahe ang mga kagamitan. O kaya ay nagnanakaw ng mga kagamitan ng iba. Ito raw kasi ang kinasanayan ng mga ito.

Hindi niya alam ang mga itinatagong pintas ng tatlong bata. Ni hindi pa nga niya nakitang nag-away-away ang mga ito.

Kunsabagay, may hinala siyang maaaring may ugaling kleptomania si Maritess. Tatlong taong

gulang pa lang ito ay tinuruan na ng sariling ama kung paano magnakaw. Ilang beses na rin niyang nakita at nahuli ito sa aktong nangunguha ng hindi kanya. May trauma rin ito dahil sa pambubugbog ng ama. Takot ito sa mga lalaking lasing na nakakasalubong nila.

Gulong-gulo ang isip niya.

NAGULAT SI AVALON nang magising siya na paupos na ang kandilang nakapatong sa lata ng biscuiit at tumitilaok na ang manok ni Mang Miguel na kapitbahay nila sa likuran. Sa gitna ng kanyang malaking suliranin ay nakatulog siya. Siguro nga ay napagod siya nang nakalipas na gabi.

Nanatili siyang nakahiga. Dati-rati ay kaagad siyang bumabangon dahil kailangang istrikto siya sa kanyang meditation, pero ngayon ay mas gusto niya yatang mahiga at ipikit ang kanyang mata.

Inisip niya ang maaaring maging reaksyon ng mga magulang kapag nakita ang kanilang mga instant apo.

Napangiti si Avalon sa kanyang na-imagine. Alam niyang mauunawaan siya ng kanyang ama at ina. Aakalain ng mga ito na therapy sa kanya ang

pag-aaruga ng mga batang inampon.

Pumikit siya nang nakangiti pa rin. Mapalad siya sa pagkakaroon ng mga magulang na maunawain. Sa pagkakaroon ng mga kuya na mahal na mahal siya.

Bumangon siya nang maisip ang solusyon sa problema niya. Idadaan niya sa kuwento ang transisyon ng paglilipat-tirahan at pagbabagong-buhay ng tatlo.

Para sa agahan ay nagluto siya ng lugaw na may asin at upang maging masarap ito ay nilagyan niya ng itlog ng pugo na ibinigay sa kanya ni Aling Vacion. Sobra raw ito sa inilalako nito.

Tiningnan niya ang mga bata habang kumakain ang mga ito.

"Alam ninyo, naalala ko tuloy ang isang kuwento." Nang marinig ng tatlo ang salitang 'kuwento', lumingon ang mga ito sa direksyon niya.

"Ang kuwento ni Aster, ang batang kuba. Sabi ng maraming tao, si Aster daw ay sinto-sinto; mapurol ang ulo. Ang ibang tao ay tinawag siyang walanghiya, ang iba naman ay tinawag siyang bobo. 'Aster Disaster' daw ang pangalan niya dahil kakambal niya ay malas."

Tila nakalimutan na ng magkakapatid ang almusal nilang malapit nang maubos.

“Pero ang sabi ng nanay niya, ‘Anak, lahat ng bagay sa mundo na nais mo ay p’wedeng mapasaiyo, lahat ng gusto mo ay magkakatotoo, at lahat ng gusto mong gawin ay magagawa mo. Malinis kasi ang puso mo, kaya napakasuwerte mo.’ At naniwala ang bata sa sinabi ng kanyang nanay.”

Inabot sila ng tanghali sa hapag dahil sa kanyang kuwento. Hindi talaga maalaala ni Avalon kung saan niya nabasa ang fairy tale na iyon na nilagyan niya ng mga ad lib at inangkop sa sitwasyon ng mga bata.

Ikinuwento niya na naging hari si Aster nang lumaki ito dahil marunong itong mamuhay nang simple. Dahil kontento ito sa buhay at hindi mapaghanap ng kung anu-ano. Ikinuwento niya na hindi ito nangunguha ng hindi kanya, palagi itong nagsasabi ng totoo, at palaging kabutihan ang iniisip. Ikinuwento niya na maraming pagsubok na dumating kay Aster kabilang na iyong tinutukso ito ng kapwa bata at pinagtatawanan ng matatanda. Pero ang hindi alam ng lahat, nagustuhan ng diwata ang maraming maliliit na kabutihan niyang ginawa. At dahil daw naniwala siya sa sinabi ng kanyang ina, gagantimpalaan siya ng isang napakasaganang

buhay.

Kinagabihan, bago matulog, kinuwentuhan niya ulit ang mga bata ng tungkol kay Aster. Pero dahil gawa-gawa niya lang ito ay nakalimutan na niya ang ibang eksena.

“Ikuwento mo ulit iyong ginawa niya noong inapi ng mga batang kalye iyong matandang bruha na diwata pala sa totoong buhay,” pakiusap ni Maritess.

How could she forget? “Oo nga, ano? Isang araw, may dumaang gusgusing matandang babae…”

Bago siya tuluyang makatulog ay ipinagdasal niya na sana ay umepekto ang kanyang kuwento sa mga bata.

Wala na siyang ibang alam na paraan upang ihanda ang mga ito sa bagong tirahan at bagong buhay.

# 3

"Ito si Aster…" narinig niyang bulong ni Lino kay Maritess, habang siya ay nagme-meditate at handa nang matulog.

Sinabi niya sa mga ito na maaaring maglaro muna bago matulog. Di niya akalaing ang kuwento niya ang gagawing laro ng dalawa. Nakinig siya.

"Ito ang kanyang nanay. Sabi ng nanay kay Aster, 'Aster, anak, lahat ng bagay na nais mong mapasaiyo ay mapapasaiyo. Kung ano ang gusto mo ay magkakatotoo. At lahat ng gusto mong gawin ay magagawa mo. Dahil malinis ang iyong puso," sabi ni Maritess.

"Ikaw ay talagang mapalad," pagtatapos ni Lino.

"Tayo kaya, mapapasaatin din kaya ang mga gusto natin?" tanong ng nakatatandang kapatid.

"Ewan. Ako nga, gusto kong maging panadero paglaki ko. Sana magkatotoo iyon," sagot nito.

"Ba't mo naman gustong maging panadero?"

"Para gagawan ko kayo ng malaki at masarap na tinapay."

Ngumiti si Avalon sa mga narinig. Nilagyan pa ng dalawang bata ng mga gawa-gawang eksena ang kuwentong sinimulan niya bago nila ito tinapos.

"At nag-aral siyang gumawa ng tinapay," sabi ni Lino.

"At palagi siyang tumutulong sa hardinero para matuto siyang mag-alaga ng bulaklak at halaman," dagdag ni Maritess.

"At nag-aral magbasa ang batang hari."

Tumangu-tango si Avalon sa narinig. Oo nga, kailangan nilang mag-aral. Inisip niyang ipa-homeschool ang mga ito nang ilang taon bago pag-aralin sa tradisyonal na paaralan. Maraming dapat habuling leksyon ang mga ito. Batid niya, hindi gaanong marunong magbasa si Maritess kahit na sampung taong gulang na ito. Si Lino naman na walong taong gulang ay hindi pa nakakatuntong ng unang baitang. Pero hindi pa huli ang lahat…

Tahimik niyang pinagmasdan ang tatlong magkakapatid nang sila ay namasyal sa Baywalk. Hanggang sa labas ay dala ng mga ito ang kanilang kuwento at isinama ito sa paglalaro.

"Ako naman si Aster; puro na lang ikaw," reklamo ni Maritess habang sinipa-sipa ang isang buko ng

niyog na nahulog.

“Bahala ka. Pero kasi, lalaki si Aster,” pangangatuwiran ni Lino.

“Kahit na. Puwede namang pambabae ang pangalang Aster.”

“Sige. Ako kunwari ang lola niya.”

Napatanga si Maritess. “Bakit lola?”

“Kasi namatay na ang ama at ina ni Aster noong mahirap pa sila. Lola na lang ang nag-alaga sa kanya.”

Kunwari ay sinayaw-sayaw ni Avalon ang bunsong kapatid ng mga ito. Sa totoo lang ay pasimple siyang nakinig sa usapan ng dalawa. Para kasing ngayon lang pinoproseso ng mga ito ang pagiging ulila ng mga ito.

“Isang araw, may pulubing humingi ng kapiraso ng hopia ni Aster,” kuwento ni Maritess. “O, ikaw na ang pulubi,” sabi nito sa kapatid.

“Maawa ka sa akin, Aster. Gutom na gutom na ako. Lugaw lang ang kinain ko kaninang umaga.” Pumapel naman sa Lino.

“Kawawa ka naman, pulubi.” Biniyak nito ang kunwa-kunwariang hopia at ibinigay sa kapatid.

“Maraming salamat.” At kunwari ay nginuya ng batang lalaki ang ibinigay na hopia. “At dahil sa kabaitan mo, Aster, ikaw ay magkakaroon ng maraming regalo mula sa akin. Ako ay hindi talaga isang pulubi, kundi… whoosh!

“Ako ay isang makapangyarihang hari ng mga duwende. At bilang gantimpala, ikaw ay bibigyan ko ng mesang punumpuno ng pagkain at buhay na puno ng kasiyahan at…” Nag-isip ang bata ng salitang idadagdag.

“At pagmamahalan,” singit ng boses-lalaki na narinig nina Maritess at Lino. Nagkatinginan ang magkapatid at nilingon ang pinanggalingan nito.

“Ate, siya ‘yun. ‘Yung mamang guwapo at mayaman,” bulong ni Lino sa kapatid na babae.

Tumango-tango si Maritess.

“Magandang umaga sa inyo,” bati nito, at lumingon na waring may hinahanap.

Kitang-kita ni Avalon ang lahat ng naganap na iyon. May sinabi ito sa mga bata at narinig niya ang ‘Yehey!’ ng dalawa.

Tumigil siya sa pakikipaglaro ng taguan kay Dominga, pero kumubli siya sa isang puno ng niyog

habang napaawang ang kanyang bibig.

“Magandang umaga sa iyo, Miss.” Narinig niya ang pagbati ng lalaki. Gaano ba naman kalaki ang puno ng niyog? Di ito sapat para maikubli ang buo niyang katawan sa naghahanap sa kanya.

“Maganda umaga rin.”

“Lukas Pineda,” pakilala nito, sabay abot ng kamay. Nang-aalok ang mga mata nito na gustong makipagkilala.

*Hindi ko tinanong ang pangalan mo at wala akong balak gawin iyon*, aniya sa isip bago nakipagkamay. Kung siya ang masusunod, ayaw niya talaga itong makita kahit kailan, at lalong ayaw niya itong makausap. “Avalon.” Ganoon lang ang pagpapakilala niya sa sarili, simple at maikli.

“Avalon… you have a beautiful name,” papuri nito.

“Salamat.” Wala siyang balak makipag-usap dito o kahit kaninong lalaki. Bakit ba ibinibigay sa kanya ng tadhana ang pinakaiiwasan niyang bagay?

“Ano ang ginagawa mo dito?” tanong niya sa marahas subalit mahinang tinig. Ayaw niyang marinig ng mga bata ang bagsik at galit na lumalabas

sa kanya. Hindi pa nila mauunawaan iyon.

"Tinutupad ko ang pangako ko sa mga bata," sagot nito.

"At ano ang pangako mo sa kanila?"

"Manonood sila ng cartoons sa laptop ko 'tapos magmemerienda sila ng sandwich at fruit juice."

"Alam mo bang ginagawa mo lang spoiled ang mga bata?" she hissed at him. "Kapag nasanay sila, mahirap nang ituwid. Puwede ba, umalis ka na lang?"

"As you wish." At tahimik itong bumalik sa kotse.

Hinabol ito ng mga bata, may sinabi ito, at itinuro ang direksyon niya. Pinaikot ni Avalon ang kanyang mga mata.

Tumakbo papunta sa kanya ang mga bata. Maluha-luha na ang mga ito.

"Avalon, sige na po… payagan na ninyo siya."

Hindi niya kayang tanggihan ang pagsusumamo ng dalawa. Nakita niyang pasakay na sa kotse nito ang lalaki kaya tumakbo siya papunta rito.

"Lukas!" Lumingon ito. Kinawayan niya ito upang huwag itong umalis. "Sandali!"

Naasiwa siya dahil imbis na humakbang ito palapit sa kanya ay tila hinintay siya nitong makalapit sa kinaroroonan nito.

"Sige, pumapayag na ako na tuparin mo kung anuman ang ipinangako mo sa kanila," pahayag niya sa malamig na tinig.

"As you wish." Walang angal na binuksan nito ang pinto ng sasakyan sa backseat upang makapasok ang dalawang bata. Silang dalawa ni Dominga ay iginiya nito sa passenger side sa unahan at pinagbuksan pa ng pinto ng kotse.

Pumasok sila sa isang di-gaanong mataong fastfood restaurant, at umorder ng merienda. Inihanda ni Lukas ang laptop upang magsimulang manood ang mga bata. Kinalong nito si Dominga at pumagitna ito kina Maritess at Lino. Naupo si Avalon sa tabi ng batang lalaki. Gusto niyang makita ang pinanonood ng mga ito at nang magabayan niya ang mga bata sa pag-uusap-usap tungkol sa napanood. Naalala niyang ganoon ang ginawa ng mommy at daddy niya kapag siya at ang kanyang mga kuya ay nanonood ng mga pelikula.

Batid niya, pinagtitinginan sila ng ibang tao at service crew. Hindi naman mamahalin ang suot na t-shirt ni Lukas, marahil ay nakikibagay ito sa kanila,

pero kitang-kita ang pagiging gusgusin niya at ng mga bata.

"SALAMAT sa pag-aasikaso mo sa kanila," sabi ni Avalon kay Lukas nang lumabas sila ng fastfood restaurant.

"Walang anuman iyon."

"Puwede po ba nating ulitin ito?" buong kagiliwan at kagalangang tanong ni Lino sa kanilang dalawa.

Hindi siya kumibo. Naramdaman yata nito ang pagtutol ng kalooban niya kaya nilingon siya ng bata.

"Avalon, sige na," pakiusap nito. "Pero minsan-minsan lang. Masaya kasi, eh."

"Tingnan natin. Kapag may oras tayo ay manood din tayo ng sine."

"Sana isama natin si Lukas kasi mabait siya at nagbibigay pa ng masarap na fried chicken sandwich," singit ni Maritess. "Tingnan mo, sandwich na, fried chicken pa."

"Uh-huh…" Iyon lang ang kanyang sinabi. Hindi oo iyon, hindi rin hindi. Ayaw niya lang talagang magsinungaling. Kung siya lang ang

masusunod, ayaw na niyang makita ang lalaking ito magpakailanman lalo't nakakaramdam na siya ng kakaiba kapag kasama nila ito. At baka muling masaktan ang kanyang pusong kasalukuyan pa niyang pinahihilom ang sugat.

"Sige, salamat ulit," ani Avalon, at ipinauna ang mga bata papasok sa eskinita. "Huwag mo na kaming ihatid sa loob. Tama na itong isinakay mo kami pauwi sa mabangong kotse mo." Tumalikod na siya para sumunod sa magkakapatid.

"Walang anuman iyon, Avalon Marie Sunico."

Dahan-dahan siyang pumihit nang marinig ang buo niyang pangalan. Tinitigan niya ang lalaki dahil ni anino nito ay hindi niya kilala.

"Umalis ka na at huwag mo na kaming istorbohin, utang-na-loob," kalmado niyang pahayag saka siya pumasok sa looban. Pakiramdam niya ay nawala lahat ng kanyang dugo sa mukha. Kilala pala talaga siya ng lalaking ito! Umasa pa rin siyang kapag binale-wala niya ang pagsorpresa nito sa kanya ay maaalis din ang interes nito.

"O, MGA BATA, alam na ninyo ang katumbas na gantimpala kapag kayo ay mapagbigay at mapag-

kawanggawa," paalala ni Avalon habang nagkakabit ng bagong kurtina.

"Alam ninyo, naging mapalad lang si Aster nang paulit-ulit niyang ginawa ang pagiging mapagbigay. Hindi lang isa, hindi lang dalawang beses, kundi maraming ulit siyang nagbigay ng kahit anong mayroon siya. Mabait siya sa mga nangangailangan."

Siniguro niyang nakikinig si Maritess sa kanyang mga sinasabi, kahit na pinagtiklop niya ito ng nagkalat na mga damit ng mga ito.

"At kahit noong naging mayamang hari na si Aster ay iniingatan niya ang kanyang mga kagamitan at ang kagamitan ng iba. Alam niyang kapag siya ay nagnakaw ng gamit ng iba, babawiin sa kanya ang gantimpalang magandang kapalaran."

Tiningnan niya sa gilid ng kanyang mga mata kung nakikinig nga ang batang babae. Batid niyang may epekto ang kuwento dito dahil nakayuko ito

"Maganda rin ang kanyang ugali, nakikinig siya sa mga payo ng nakatatanda sa kanya."

Nakatingin sa kanya ang tatlong bata. Hanggang ngayon, isinasabuhay pa rin ng mga ito ang kuwento niya.

Kinagabihan, gumawa pa sina Maritess at Lino ng mga manikang characters na ginuhit lamang sa cardboard at kinulayan.

"Avalon, ano talaga ang sekreto ni Aster at napagtagumpayan niya ang kahirapan?" tanong ni Maritess. Lumingon si Lino sa direksyon nila at nakinig din.

Naisip niya, kung mag-aaral ang mga bata ay matatalino ang mga ito. Sila pa ang nagtatanong tungkol sa kuwento, imbis na sila ang bigyan ng quiz. Ipinangako niya sa sarili na bibigyan niya ang mga ito ng isang mahusay na homeschooling teacher para maagapan ang ipinagkait na edukasyon sa mga ito.

"Gusto ba talaga ninyong malaman ang sekreto ni Aster?" may pagkaseryosong tanong ni Avalon.

"Opo," magkapanabay na tugon ng dalawa at inangat ang mga ulo mula sa pagguguhit at inihanda ang mga sarili sa pakikinig.

"Ang kuwento ay tungkol kay Aster at ang mahiwagang dalawampu't isang araw," pagsisimula niya, saka tiningnan kung nakikinig ang dalawa. Maging si Dominga ay tumigil sa paglalaro at nakigaya sa kanila na nakaupo sa sahig na kahoy.

"Sabi ng diwata kay Aster: kung kaya mong sundin ang ipagagawa ko sa iyo sa loob ng dalawampu't isang araw nang walang paltos, bibiyayaan kita ng ginto't pilak at kung anupamang kailangan mo. Gusto kong sa loob ngdalawampu't isang araw ay babanggitin mo nang walong ulit ito: 'Ako ay nakatira sa ligtas, maganda, at mayamang mundo.'"

"Naku, kayang-kaya kung gawin iyon," narinig niyang bulong ni Lino sa ate nito.

"At sabi naman ni Aster sa diwata, 'Oho, gagawin ko ang iniuutos ninyo.'"

Tumigil si Avalon sa pagsasalita. Tahimik lamang siyang nakaupo at pinakiramdaman ang mga batang nakikinig. Nakatingin ang mga ito sa malayo at alam niyang gumagana ang imagination ng mga ito kaya hinayaan lang niya.

Sana ay epektibo ang kuwento niya. 'Ako ay nakatira sa ligtas, maganda, at mayamang mundo.'" Sana ay bumaon ang affirmation na ito sa mga bata. Sana, tagos hanggang buto…

KINAUMAGAHAN ay napansin niyang abala ang dalawang paslit sa paggawa ng kani-kanyang kalendaryo. May dalawampu't isang kahon ang mga

kalendaryo. Ngumiti siya sa natuklasan.

"Avalon, gumagawa kami ng kalendaryo ng mga araw na sasabihin namin ang mga magic words ni Aster," may kasiyahang pagbabalita ni Maritess.

"Oo nga po. Gusto kasi naming maging tulad niya," segunda ni Lino. "Avalon, sa palagay mo kaya ay magpapakita din sa amin ang diwata?"

"Alam mo, hindi ko sigurado kung magpapakita ang diwata, pero ito ang maipapangako ko sa inyo: kapag tinuloy ninyo ang binabalak ninyo ay magkakaroon kayo ng katumbas ng magagandang bagay na gusto ninyo. Siyempre, ang magkakatotoo lang sa buhay ninyo ay kung ano ang laman ng inyong puso at isipan. "

"Pati laman ng bibig," dugtong ni Maritess.

"Oo, pati laman ng bibig." Napuno siya ng pag-asa na makakaahon ang mga bata sa sitwasyon ng mga ito ngayon at gusto niyang ipadama na sila-sila rin ang nagpabago sa kanilang mga buhay.